KASAYSAYAN NG BANTUG ELEMENTARY SCHOOL

Ang Bantug Elementary School (BES) ay matatagpuan sa gilid ng Pambansang Lansangan,katapat nito ang lumang Simbahang Katoliko ng barangay Bantug,dalawang kilometro mula sa hilaga ng Lungsod Agham ng Munoz.

Ang lupang kinatitirikan ng nasabing paaralan ay may kabuuang sukat na 9,500 kilometro kwadrado na ipinakaloob ng butihing kilalang pamilya sa lungsod,ang pamilya Javier bilang handog tulong nila sa mga batang mag-aaral ng barangay.

Noong unang panahon,bago sumapit ang taong 1935 ang pook na kinatitirikan ngayon ng paaralan ay isang madawag na kagubatan at mangilan- ngilan pa lamang noon ang naninirahan sa kapaligiran nito.

Taong 1935,nang naitatag ang BES,ito ay nagsimula lamang bilang isang maliit na paaralang primarya.Nguni't pagkatapos ng makasaysayang Digmaang Pandaigdig,ang nabanggit na paaralan ay naging paaralang elementarya na. At tinawag itong" Mababang Paaralang Elementarya ng Bantug" na isinunod sa pangalan ng barangay na kinapapalooban nito at si G.Ballesteros ang kauna-unahang naging punong guro.At ng lumaon ay unti-unting lumaki ang naging populasyon nito.

Dumating ang dekada 70,ang mga paaralan sa bayan ng Munoz noon ay nahati sa tatlong distrito at ang Bantug Elementary School ay siyang naging sentro ng silangang bahagi nito dahil ito ang may pinakamalaking populasyon ng mag-aaral at noon ay binubuo pa ng dalawampu't- limang mga guro. Dahil dito,ang nasabing paaralan ay tinawag noon na "Munoz East Central School".Lalong dumami ang mag-aaral na nagtungo rito, sa kadahilanang, dito lamang noon ang may paaralang elementarya sa gawing silangan ng Munoz,kaya naman ang mga mag-aaral galing pa sa karatig pook ng barangay tulad ng Maragol,Sapang Cauayan,Villa Nati At Villa Cuizon ay dito pa nagsipag-aral sa panahong iyon.

Nguni't dumating ang panahon na ang populasyon ng paaralan ay unti-unting nabawasan,sa kadahilanang nagkaroon na rin ng mga paaralang

primarya at nang lumaon ay naging elementarya na rin sa mga karatig lugar,kaya naman ang mga mag-aaral dito na galing sa mga lugar na nabanggit ay nagsilipat na sa kani-kanilang barangay.Bukod pa dito ay nagkaroon na rin ng ilang pribadong paaralan mismo sa barangay Bantug at ito ay nagkaroon din ng malaking epekto sa pagliit ng populasyon sa paaralan at tuluyang pagbawas na rin sa bilang ng mga guro na narito noon.

At bago sumapit ang dekada 80,ang dating Munoz East Central School ay muling naging Bantug Elementary School.

Sa kasalukuyan, ang BES ay binubuo ng labing anim na guro sa pangunguna ng kanilang punong guro, at humigit kumulang na 600 na mag-aaral taon-taon.

Ang paaralang ito, ay may konkretong bakod sa buong kapaligiran,kasama ang dalawang maluluwang na tarangkahan na matatagpuan sa harap at likod nito.

Mayroong sampung gusali na binubuo ng dalawampu't tatlong silid,labing-apat rito ay ginagamit na silid-aralan' samantalang ang natitira pang mga kwarto ay nagsisilbing tanggapan ng Punong-guro,Gusaling Pantahanan,Klinika,Kantina, Conference Hall,SLRC/Library at ICT room. Masasabing halos kumpleto na ng mahahalagang pasilidad na kakailanganin ng mag-aaral ang BES.Bukod pa rito lahat ng nabanggit na mga silid ay nakakabitan na ng de-koryenteng mga ilaw at tubig gripo na galing sa Water District,dagdag pa rito ang limang poso na makikita sa iba't-ibang bahagi ng bakuran ng paaralan na ginagamit sa pagdidilig ng mga halaman.

Sa gitnang bahagi ng paaralan,ay makikita ang dalawang magkaagapay na malalaking gym na ipinag-kaloob ng dating Congressman Garcia at Congressman Violago mula sa kani-kanilang mga pondo.Mayroon ding katabing stage ang mga nabanggit na gym kung saan ang mga ito ay ginagamit kung mayroong mga okasyon/selebrasyon sa loob ng paaralan at kung minsan pa ay nagagamit din sa mga palatuntunang pambarangay maging panglungsod.

Masasabi din na aktibo ang paaralang ito sa pagsuporta sa programa ng pamahalaan na "Clean & Green Project",sa katunayan makikita sa bawat likod ng mga gusali ang sari-saring tanim na gulay at naggagandahang halamang ornamental naman sa gawing harap ng mga ito na lalong nagpapaganda sa atraksiyon ng paaralan.

Lahat ng mga guro kasama ang punong-guro,mga mag-aaral at mga magulaay laging tulong-tulong sa mga gawain para sa lalo pang ikagaganda at ikabubuti ng aming paaralan.

Ito ang kasaysayan ng Bantug Elementary School,isa sa kilala at nangungunang paaralan sa Lungsod Agham ng Munoz.

Prepared by:

YOLITA B. LICTAWA
School AP Coordinator

Noted:

NOVALYN C. RODOLFO
Principal II